**Pangalan ng Ahensya:** : **BUREAU OF BROADCAST SERVICES**

**Lokasyon** : **4/F PIA Media Center Bldg., Visayas Ave., Quezon City**

**Tagatanggap na Kawani** : **Ms. Marizel B. Navarro**
**Executive Assistant**

**Telepono/Email** : **8925-3517/pbsbbsdirector@gmail.com**

**Pamamaraan**

1. **Magsumite ng Kahilingan**

   a. Ang kahilingan ay maaaring idulog sa pamamagitan ng pagsulat ng email sa ahensya, o sa paggamit ng BBS eFOI portal (foi.gov.ph) kalakip ang scanned copy ng application form at balidong ID mula sa pamahalaan na may larawan.

   b. Nakasaad sa kahilingan ang pangalan, numerong tatawagan ng humihiling na partido at layunin ng hinihiling na impormasyon.

2. **Pagsusuri ng Kahilingan**

   a. Susuriin ng FOI Receiving Officer ang natanggap na kahilingan. Kung ang kailangang impormasyon ay nasa pag-iingat ng BBS, gagawin ito sa loob ng labin-limang araw. Kung ang impormasyon ay kumplikado at mangangailangan ng mas mahabang panahon ng paghahanda (pagsusuri), aabisuhan ang humihiling na partido na maghintay ng kaunting panahon upang sagutin ang tanong.

   b. Kapag ang hiniling na impormasyon ay wala sa BBS (Government Agency No. 1 o GA1), ngunit nasa pag-iingat ng ibang ahensya ng pamahalaan (Government Agency No. 2 o GA2) sa ilalim ng ehekutibo, ilalapit kaagad ng GA1 sa GA2 sa pinakamabilis na paraan. Aaksyunan ito ng hindi lalagpas ng tatlong araw pagkatanggap ng kahilingan

**Apela sa FOI**

Kung hindi nasisiyahan sa tugon sa iyong kahilingan sa FOI, maaari mong hilingin sa amin na pag-aralan ito sa pamamagitan ng pagsulat sa pbsbbsdirector@gmail.com. Gagawin ang pag-aaral sa loob ng 15 araw sa pagkatanggap ng liham. Kukumpletuhin namin ang pag-aaral at sasabihin sa iyo ang resulta sa loob ng 30 araw.